Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

## OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-20 NG DISYEMBRE 1993 DITO SA BAHAY PAMAHALAAN

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ludovico C. Silang | - | Tagapamahala ng Pulong |
| Kgg. Dolores S. Bago | - | SB Kagawad |
| Kgg. Rey T. Amparo | - | -do- |
| Kgg. Eduardo A. Buruanga | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Severino P. Bantugan | - | -do- |
| Kgg. Oscar C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Meynardo S. Bago | - | ABC Pangulo |
| Kgg. Ronald S. Rondael | - | SK Fed. Pangulo |

HINDI NAKADALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Elmo M. Baculinao | - | SB Kagawad |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

"RESOLUSYON BLG. 93-12-075

HUMIHILING KAY KGG. JESUS M. PUNZALAN, KINATAWAN NG IKALAWANG DISTRITO NG SILANGANG MINDORO NA GUMAWA NG NARARAPAT NA PARAAN PARA SA MADALIANG PAGBUBUKAS NG BULALACAO COMMUNITY HOSPITAL

"SAPAGKAT, patakaran ng Estado, alinsunod sa Sek. 15, Art. II ng Saligang Batas ng Pilipinas, na itaguyod at pangalagaan ang karapatan sa kalusugan ng mga mamamayan at ikintal ang kamalayang kalusugan sa kanila;

"SAPAGKAT, ang nakaraang administrasyon, sa pagpupunyagi na rin ni Kinatawan Jesus M. Punzalan ay napasimulan ang pagpapagawa ng gusali ng Bulalacao Community Hospital na ikinatuwa ng mga mamamayan nito;

"SAPAGKAT, ang katuwaang ito ng mga mamamayan ay unti-unting nawala at sa halip ay napalitan ng pagkabagot at kawalang-pag-asa dahilan sa hindi maunawaang pagkaantala ng pagbubukas ng nasabing pagamutan;

"SAPAGKAT, ang hindi pagbubukas ng Bulalacao Community Hospital ay katulad na rin ng pagkakait ng higit na kailangang tulong medikal sa mga naghihirap na mga mamamayan ng Bayang ito;

"SAPAGKAT, naniniwala ang mga mamamayan na nauunawaan ni Kinatawan Punzalan ( na isa ring manggagamot) ang kalagayan ng mga taga-Bulalacao at naniniwala pa rin na siya ay makagagawa ng paraang matapos ang bagay na nasimulan na niya, ang pagpapagawa nga ng nasabing pagamutan;

DAHIL DITO: IPINASIYA GAYA NG IPINASIYA NA hilingin kay Kgg. Jesus M. Punzalan, Kinatawan ng Ikalawang Distrito ng Silangang Mindoro na gumawa ng nararapat na paraan upang mabuksan sa lalung madaling panahon ang Bulalacao Community Hospital;

Scanned with CamScanner

PINAGPASYAHAN PA RIN na ang orihinal na sipi ng Resolusyong ito ay ipadala sa kay Kgg. Jesus M. Punzalan, Mababang Kapulungan, Kongreso ng Pilipinas, Diliman, Lungsod ng Quezon, para sa kanyang kaalaman at pagpapasiya;

SA MUNGKAHI ni Kagawad Eduardo A. Buruanga at pinangalawahan ng lahat ng mga Kagawad na dumalo, ang resolusyong ito ay . . .

PINAGTIBAY NG LAHAT:"

---

KGG. DOLORES S. BAGO
Kagawad

KGG. REY T. AMPARO
Kagawad

KGG. EDUARDO A. BURUANGA
Kagawad

KGG. SENEN C. FAMILARA
Kagawad

KGG. SEVERINO P. BANTUGAN
Kagawad

KGG. OSCAR C. FAMILARA
Kagawad

KGG. ROSALINDA M. CABAGAY
Kagawad

KGG. MEYNARDO S. BAGO
ABC Pangulo

KGG. RONALD S. RONDAEL
SK Fed. Pangulo

SINAKSIHAN:

KGG. LUDOVICO C. SILANG
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamahala ng Pulong

NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:

SIXTO C. BARRIENTOS
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

GUILLERMO H. SALAS
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 10-25-94

-jap-

Scanned with CamScanner